Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

FILIPINO 1

# Modyul 12

## Mga Bagong Pakikipagsapalaran

# Modyul 12
# Mga Bagong Pakikipagsapalaran



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Heto na naman tayo sa pag-aaral ng Ibong Adarna. Natatandaaan mo pa ba ang tungkol sa tatlong prinsipe? Sinu-sino nga sila? Oo, sina Don Pedro, Don Diego at Don Juan. Ipagpatuloy na natin ngayon ang pag-alam sa naging buhay nila.

Nakabasa ka na marahil o nakarinig na ng mga kwento tungkol sa kabayong lumilipad, asong may tatlong ulo, taong ibon, sirena at syokoy, at iba pang mga karakter na may kapangyarihang di kayang gawin ng karaniwang taong tulad mo.

Kawili-wili ang ganitong mga kwento, di ba? Lumalawak ba ang iyong pananaw, lumilipad ang iyong imahinasyon at wari'y nakapaglalakbay ka rin sa malalayong kabundukan, tulad ng mga karakter na ito?

Kung gayon, halika, makipagsapalaran kang kasama nila sa pamamagitan ng pagbabasa. Sa tulong ng modyul na ito, tuklasin mo ang hiwaga ng isang malalim na balon na tinitirhan ng isang higante at isang serpyenteng may pitong ulo. Sila ang mga bantay ng magkapatid na dilag na makakatagpo ng tatlong magkakapatid na prinsipe.

Pag-aaralan mo sa modyul na ito ang ikalawang bahagi ng koridong ***Ibong Adarna***. Natatandaan mo ba kung ano ang korido? Ang ***korido*** ay mahabang tulang pasalaysay tungkol sa mga pakikipagsapalarang hindi nagaganap sa tunay na buhay pero nabibigyang buhay ng mayamang imahinasyon.



## Ano ang matututunan mo?

May panibagong mga pakikipagsapalaran ang tatlong mararangal na prinsipe na nakatagpo mo sa isang naunang modyul. Ang kwento tungkol sa kanilang mga pakikipagsapalaran ang magiging daluyan ng mga kasanayang inaasahang matatamo mo sa modyul na ito.

Inaasahang matututuhan mo sa modyul na makilala at masuri ang ikalawang bahagi ng ***Ibong Adarna*** batay sa mga tiyak na katangian at pamantayan. Narito ang mga tiyak na kasanayang inaasahang matatamo sa modyul:

1. Nakapipili ng mga tiyak na bahagi na nagpapakita ng kasiya-siyang:

    - tauhan
    - tagpuan
    - usapan


2. Natutukoy ang mga tiyak na bahagi sa akda na nagpapakita ng:

    - magkatulad na idea
    - magkasalungat na idea
    - magkatulad na opinyon
    - magkasalungat na opinyon
    - magkatulad na paniniwala
    - magkasalungat na paniniwala

3. Nasusuri ang akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga bahaging nagpapatunay ng

    - panlipunang pananaw
    - pangkulturang pananaw
    - panrelihiyong pananaw
    - mga tradisyon

Para bang mahirap? Hindi mahirap iyan. Kayang-kaya mo basta't hakbang-hakbang mong susundan ang bawat bahagi ng modyul.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng sinabi ko sa iyo, kaibigan, maraming ihahandog na mga bagong kaalaman sa iyo ang modyul na ito. Magiging madali at matagumpay ang paggamit mo nito kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral. Basahin mo ang mga ito at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot mo sa mga pagsusulit.


2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mng mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutuhan mo ang aralin. Kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Natatandaan mo pa ba ang unang bahagi ng ***Ibong Adarna***? Nakilala mo sa unang bahagi ang tatlong mararangal na prinsipe ng kahariang Berbanya at ang kanilang paghahanap sa isang mahiwagang ibon.

Sa bahaging ito, nahaharap sa panibagong mga pakikipagsapalaran ang tatlong magkakapatid. Saan kaya sila dadalhin ng mga bagong abentura?

Nasa ibaba ang ilang tanong para mataya kung ano na ang alam mo sa ngayon kaugnay ng nilalaman ng modyul na ito.

Tandaan: Hindi mo susulatan ang modyul. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

A. Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa iyong sagutang papel ang ***T*** kung tama ang pangungusap at ***M*** naman kung mali.

1. Si Don Pedro, ang panganay sa tatlong prinsipe, ang bida sa koridong ***Ibong Adarna***.
2. Si Don Diego, ang pangalawang anak, ay sunud-sunuran lamang sa mga pakana ng panganay na kapatid.
3. Si Don Juan, ang bunso, ang paborito ng amang hari.
4. Si Don Juan ang nagpakanang pawalan ang Ibong Adarna upang iba ang mapagbintangan.
5. Nang makawala ang ibon, kusang nilisan ni Don Juan ang palasyo upang pagtakpan ang tunay na nagkasala.

6. Hindi ipinahanap ng hari ang bunsong si Don Juan.
7. Masaya ang tatlong magkakapatid nang muling magkita-kita.
8. Tatlo ang nagtangkang lumusong sa mahiwagang balon pero isa lamang ang nakarating sa kailaliman.
9. Dalawang magandang dalaga ang nakatira sa palasyo sa ilalim ng balon.
10. Binabantayan sila ng isang higante at isang serpyenteng may tatlong ulo.
11. Napatay ni Don Pedro ang higante at ang serpyente.
12. Masayang umuwi sa Berbanya ang tatlong magkakapatid na prinsipe kasama ang dalawang dilag.
13. Ikinasal si Don Diego kay Juana.
14. Tumangging pakasal si Leonora kay Don Pedro.
15. Samantala, naiwan sa ilalim ng balon si Don Juan.

B. Piliin sa mga salita sa loob ng panaklong ang angkop sa patlang para mabuo ang pangungusap.

1. Ginagamit ang _______ upang ikulong ang tuwirang sinabi ng isang tauhan. (panipi, panaklong, bracket)
2. Ang _______ay tungkol sa lugar at panahon nang maganap ang isang kwento. (tauhan, tagpuan, usapan)
3. Dayalog ang isa pang tawag sa _______ (tauhan, tagpuan, usapan).
4. Ang tagpuan ng koridong ***Ibong Adarna*** ay noong ___________ (unang panahon, kasalukuyang panahon, hinaharap na panahon).
5. Ang korido ay mahabang tulang ___________ (nagsasalaysay, naglalahad, nangangatwiran).

C. Anong katangian ng tauhan ang isinasaad sa sumusunod na mga saknong? Piliin ang sagot sa ibaba. Isulat lamang ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. **466** Kung siya'y may kahinaang
sukat maging kapintasan,
ang pag-ibig na dalisay
sa kapatid kailanman.

a) laging mapagmahal sa kapatid
b) palapintas sa kapatid
c) mapaghanap sa kapatid

2. **508** Nasimulan nang gawain
ang marapat ay tapusin,
sa gawang pabinbin-binbin
wala tayong mararating.

a) determinasyong tapusin ang nasimulan
b) gustong ipagpaliban ang gawain
c) walang gustong marating

3. **522** Gayon pa man ay tinimpi
ang pagsintang ngumingiti
saka siya nagkunwaring
sa prinsipe'y namumuhi.

a) marunong magtimpi
b) mahusay magkunwari
c) madaling magalit

D. Basahin ang mga saknong. Anong katangian ng tagpuan ang isinasaad sa bawat saknong sa ibaba? Isulat lamang ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. **444** Tumutubong punungkahoy
mga bungang mapupupol,
matataba't mayamungmong,
pagkain ng nagugutom.

a) maraming bungangkahoy
b) maraming matataba
c) maraming nagugutom

2. **449** Simoy namang malalanghap
may pabangong pagkasarap,
langhapin mo't may pagliyag
ng sampaga at milegwas.

a) may bango ng bulaklak ang hangin
b) may paglingap ang hangin
c) may langhap-sarap ang hangin

3. **482** Ang lalo pang pinagtakha'y
ang nakitang kalinisan,
walang damo't mga sukal
gayong ligid ng halaman.

a) malinis ang paligid ng balon
b) masukal ang paligid ng balon
c) madamo ang paligid ng balon

E. Anong idea ang ipinapahayag sa sumusunod na mga saknong? Isulat lamang ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. **607** “Pagkat lihim itong balon
sinong taong sakdal-dunong
ang dito’y makatutunton,
kundi Diyos ang may ampon?”

Natuklasan ni Don Juan ang balon dahil sa

a) tulong ng Diyos
b) dunong ng Diyos
c) lihim ng dalaga

2. **608** “Sa Diyos na ngang talaga
ang sa iyo’y pagkakita,
kaya, mabunying prinsesa
lunasan mo yaring dusa.”

Nagkita si Don Juan at si Leonora dahil ang pagkikita nila’y

a) talaga ng Diyos
b) lunas sa dusa ng prinsipe
c) hiling ni Don Juan

3. **611** “Pagkat marami sa puso
talusira sa pangako,
sa pagsinta’y mapagbiro’t
matuwaing sumiphayo.

a) maraming lalaking mapaglaro sa pag-ibig
b) maraming lalaking di marunong tumupad sa pangako
c) maraming lalaking natutuwang magpaluha ng babae
d) lahat ng a, b, at c

F. Anong paniniwala ang isinasaad sa sumusunod na mga saknong? Isulat lamang ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. **634** Mataimtim palibhasa
ang pagtawag kay Bathala,
sindak niya ay nawala't
katapangan ay lumubha.

a) mabisa ang dasal kung taimtim
b) nawawala ang sindak dahil sa dasal
c) tumatapang kapag nagdarasal

2. **636** Lalo niyang nakilalang
ang Diyos ay nasa kanya
nang hapuin ang kabaka
hingi'y mamahinga muna.

a) Lalong nakikilala ni Don Juan ang Diyos nang mapagod ang ahas matapos siyang magdasal
b) Lalong naniwala si Don Juan na nasa panig niya ang Diyos nang mapagod ang ahas matapos siyang magdasal
c) Lalong naniwala si Don Juan sa Diyos nang mapagod ang ahas matapos siyang magdasal

3. **694** Nanunton ang kalooban
sa matandang kasabihang
*Madalas na magbulaan*
*ang sa taong panagimpan*.

a) Madalas na kabaligtaran ang panaginip.
b) Madalas managinip ang tao.
c) Madalas na magbulaan ang taong nananaginip.

4. **854** "Paalam na, O, Don Juan,
si Leonora ay paalam,
kung talagang ikaw'y patay
magkita sa ibang buhay."

a) may ibang buhay pa pagkaraang mamatay ang tao
b) ang mga patay ay nagkikita-kita sa ibang buhay
c) nagpapaalam ang mga namamatay

G. Basahin ang mga saknong at sagutin ang mga tanong:

1. **730** Siyam na araw na singkad
buong reyno ay nagalak,
maginoo't mga hamak
sa kasala'y nagkayakap.

a) Ilang araw ang pagdiriwang? Aling taludtod ang nagsasaad nito?
b) Anong salita ang singkahulugan ng ***reyno***?
c) Anong okasyon ang ipinagdiriwang? Aling taludtod ang nagsasaad ng okasyon?

2. **778** Sa payo nitong Adarna
ang Prinsipe'y lumakad na,
nalimutan si Leonora't
puso'y na kay Maria Blanca.

a) Sino ang nagpayo kay Don Juan?
b) Sino ang nalimutan na ni Don Juan?
c) Na kanino na ngayon ang puso ni Don Juan?

3. **848** "Tatlong taon nang mahigit
yaring aking pagtitiis
maatim kaya ng dibdib
na makasal sa di ibig?"

a) Ilang taon nang naghihintay si :Leonora kay Don Juan? Aling taludtod ang nagsasaad nito?
b) Ano ang di maatim ni Leonora? Aling taludtod ang nagsasaad nito?

Mahal kong estudyante, kung tapos mo nang sagutan ito, kunin sa iyong guro ang ***Susi sa Pagwawasto***. Iwasto nang maayos at tapat ang iyong papel. Ano ang nakuha mong marka? Kung nakakuha ka ng **38** pataas, di mo na kailangang pag-aralan ang modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa Modyul 13.

Pero kung wala pang 38 ang nasagutan mo nang tama, kailangan mo ang modyul na ito.

## ✍ *Mga Gawain sa Pagkatuto*

Sub-Aralin 1:

Tauhan, Tagpuan, Usapan

***Layunin***: Pagkatapos mo ng modyul na ito, inaasahang nakapipili ka ng mga tiyak na bahagi na nagpapakita ng kasiya-siyang:

- tauhan
- tagpuan
- usapan

**Alamin**

Natatandaan mo pa ba kung ano ang nangyari sa unang bahagi ng ***Ibong Adarna***? Para maalala mo ang mga naunang pangyayari, narito ang buod ng unang bahagi:



*Nagkasakit si Haring Fernando at ang tanging lunas ay ang awit ng mahiwagang Ibong Adarna. Ang bunso, si Don Juan, ang nakahuli nito. Ngunit nagpakana sina Don Pedro at Don Diego, ang dalawang nakatatandang kapatid. Iniuwi nila ang ibon at iniwang lugmok si Don Juan. Nakauwi rin si Don Juan. Noon lamang umawit ang ibon. Gumaling ang hari. Gabi-gabi, halinhinang pinabantayan ng hari sa tatlong magkakapatid ang Ibong Adarna.*

Lumitaw sa unang bahagi ang uri ng pagkatao ng tatlong magkakapatid. Silang tatlo'y pawang mapagmahal sa ama at nakahandang magpakasakit makita lamang ang mahiwagang ibong lunas sa sakit ng kanilang ama.

Pero si Don Pedro pala ay mainggitin. Unang lumabas ang masamang ugaling ito nang magpakana siya laban kay Don Juan para palitawin sa amang hari na siya, ang panganay, ang nakahuli sa ibon. Si Don Diego naman, ang pangalawa, ay sunud-sunuran lamang sa nakatatandang kapatid.

Nalaman din ng hari ang katotohanan sa bandang huli. Si Don Juan pa mismo ang humiling sa kanilang amang hari na patawarin ang mga nagkasala. Sa ikalawang bahagi, lilitaw na naman ang masamang ugali ni Don Pedro at ang kagandahang asal at pagiging mapagpatawad naman ni Don Juan.

Narito naman ang buod ng ikalawang bahagi ng ***Ibong Adarna***:

**1** *Muli, nagpakana si Don Pedro laban kay Don Juan. Pinawalan nila ni Don Diego ang Ibong Adarna upang palitawing si Don Juan ang nagpabaya.*

**2** Nang *matuklasan ni Don Juan na nakawala ang ibon, agad niyang nahulaan kung sino ang may kagagawan. Kusa siyang lumisan sa palasyo upang mapagtakpan ang mga kapatid.*

**3** *Ipinahanap siya ng hari sa dalawang nakatatandang kapatid. Masayang nagkita-kita ang tatlo sa kabundukan ng Armenya. Ipinasya nilang doon na manirahan.*

**4** *Isang araw, inakyat nila ang isang bundok at doo'y may nakita silang isang mahiwagang balon na napakalalim pero walang tubig. Ibig nilang tuklasin kung ano ang nasa ilalim ng balon. Sa pamamagitan ng lubid na nasa ibabaw ng balon, unang inihugos si Don Pedro. Pero hindi siya nakarating sa kailaliman dahil natakot siya sa dilim at lalim ng balon. Gayon din si Don Diego.*

**5** *Si Don Juan ang nakarating sa kailaliman, "isang pook na marikit" na ang lupa ay "kristal na kumikinang," may mga halama't bulaklak at may nakatirik na palasyong kumikinang sa ginto't pilak.*

**6** *Dalawang dilag ang nananahan dito, ang magkapatid na si Juana at si Leonora. Ang una ay binabantayan ng isang higante at ang pangalawa naman, ng isang serpyenteng may pitong ulo. Napatay ni Don Juan ang mga bantay kaya nakalaya ang dalawang dilag. Isinama niya ang mga ito sa ibabaw ng balon.*

**7** *Muli, nagpakana si Don Pedro. Nang muling bumaba sa balon si Don Juan upang balikan ang singsing ni Leonora, pinatid nila ni Don Diego ang lubid na kinakapitan ni Don Juan kaya ang huli'y naiwan sa ilalim ng balon na bali-bali ang*

*mga buto. Sa kabutihang palad, tinulungan siya ng isang lobo na pinapunta roon ni Leonora.*

**8** *Umuwi sa Berbanya sina Don Pedro at Don Diego kasama sina Juana at Leonora. Ikinasal si Juana kay Don Diego. Si Leonora, sa kabilang dako, ay tumangging pakasal kay Don Pedro dahil ibig niyang hintayin ang pagbabalik ni Don Juan.*

**9** *Samantala, dinalaw ng Ibong Adarna si Don Juan. Sinabihan itong magtungo sa Reyno de los Cristal dahil doon matatagpuan ang isang napakagandang dalaga. Isang matanda ang naglimos sa binata ng tinapay at tubig at pinapunta siya sa isang ermitanyo, na makatutulong sa kanyang paghahanap sa nasabing reyno.*

Ang ganda ng kwento, di ba? Napaglalaro mo ba sa isip ang larawan ng isang napakalalim na balon, na papunta pala sa isang mahiwagang lupain? Paano na nga inilarawan ang ilalim ng balon? Tama, "isang pook na marikit." Aling talata ang nagsasaad nito? Tama ka, ang talata 5.

Dahil ilalim nga ng balon, siguro'y hindi ito nasisikatan ng araw, di ba? Pero maliwanag sa lugar na iyon. Bakit kaya? Tama ka, dahil ang lupa ay "kristal na kumikinang." Matutukoy mo ba kung saang talata ito binanggit? Nasa talata 5 pa rin, diba?

Isinasaad din sa nasabing talata na may palasyong nakatirik sa pook na iyon. Paano naman inilarawan ang palasyo? Di ba "kumikinang sa ginto't pilak"?

Napakayaman siguro ng nakatira roon, ano? Pero mapanganib ang magtungo roon. Bakit? Dahil sa mga bantay.

Saang talata isinasaad ang tungkol sa mga dalaga at sa mga nagtatanod sa kanila? Tama ka kung ang sagot mo ay talata 6. Sino ang bantay ni Juana? Di ba ang higante? At si Leonora naman, sino o ano ang tanod niya?

Tama, serpyenteng pito ang ulo! Ano ba ang ibig sabihin ng serpyente? Tama ka kung ahas ang sagot mo. At ang serpyenteng ito ay nakapagsasalita! Bukod pa rito, kapag tinagpas ang isang ulo nito, kusang bumabalik ang ulong natagpas at nabubuo uli. Kaya tila walang kamatayan. Ngunit sa tulong ng balsamo ni Leonora, na ibinuhos ni Don Juan, ang ulong natagpas ay di na uli nabalik sa katawan kaya ang serpyente'y napatay ng matapang na prinsipe.

Matapang talaga ang ating bida. Ngunit ano na naman ang pakana ni Don Pedro? Aling talata ang nagsasaad nito? Kung ang sagot mo ay talata 7, tama ka. Pero tama ba namang magpakana laban sa sariling kapatid?

Siyempre, hindi, ano? Kaya mo bang gawin ang ginawa ni Don Pedro sa bunsong kapatid? At kasapakat pa mandin ang panggitnang kapatid na may kahinaan ang paninindigan. Huwag naman sana itong maganap sa tunay na buhay.

Pero ang "marikit na pook" na sinasabi sa bahaging ito, ang galing sigurong puntahan iyon, ano? Kahit sa imahinasyon lamang.

**Linangin**

Ngayon, basahin mo ang ilang piling saknong na nagpapakita ng kasiya-siyang tauhan, sitwasyon, tagpuan at usapan.

Bigyang pansin ang gagamiting mga pagpapaikli:

**S** – saknong
**T** – taludtod

Kaya kapag sinabing S429 T1, ang tinutukoy ay Saknong 429, Taludtod 1. Maliwanag ba?

**429** Bago mitak ang umaga
si Don Jua'y umalis na
wika'y "Ito ang maganda
natatago ang maysala."

Lumisan si Don Juan matapos matuklasang may nagbukas ng hawla ng Ibong Adarna. Nahulaan na niya agad kung sino ang maysala, na tinukoy sa T4. Ikaw, alam mo rin ba kung sino ang nagpalabas sa ibon sa kanyang hawla? Tama, si Don Pedro na kinasapakat si Don Diego. Nabanggit ito sa unang talata ng buod, di ba?

Balikan mo ang buod kung nawala sa isip mo.

Anong magandang katangian ni Don Juan ang pinatutunayan sa S429? Tama ka. Talagang mapagpatawad sa kapatid si Don Juan.

Isang magandang pook ang kabundukan ng Armenya. Sa lugar na ito nanirahan si Don Juan nang lisanin ang Berbanya. Basahin ang mga saknong na naglalarawan sa kagandahan ng Armenya.

**443** Itong bundok ng Armenya'y
isang pook na maganda,
naliligid ng lahat ng
tanawing kaaya-aya.

Ano kaya itong mga tanawing kaaya-aya sa bundok ng Armenya? Mahulaan mo kaya? Magpatuloy ka ng pagbabasa upang malaman mo.

**444** Tumutubong punungkahoy
mga bungang mapupupol
matataba’t mayamungmong,
pagkain ng nagugutom.

Sagana sa mga halamang pagkain, kung gayon. Maraming bungangkahoy na mapagkukunan ng pantawid-gutom.

**445** Pagbubukangliwayway na
mga ibon ay may kanta,
maghapunang masasaya’t
nadapo sa mga sanga.

**446** At kung hapon, sa damuhan
lalo’t hindi umuulan,
mga maya, pugo’t kalaw
may pandanggo at kumintang.

**447** Sa taas ng papawirin,
mga limbas, uwak, lawi’y
makikitang walang maliw
sa palitan ng paggiliw.

**448** Sa batisan yaong tubig
pakinggan mo’t umaawit,
suso’t batong magkakapit
may suyuang matatamis.

Sa lupa, tubig at papawirin, matatamis na awitan ng mga ibon at ng ganda ng kalikasan ang papawi sa pagod at lumbay. Isang ideal na lugar, di ba? Walang nakayayamot na ingay kundi musika ng kalikasan ang maririnig.

Ang hangin naman? Malinis din kaya?

**449** Simoy namang malalanghap
may pabangong pagkasarap
langhapin mo’t may pagliyag
ng sampaga at milegwas.

Halimuyak ng bulaklak ang malalanghap mo sa paligid! Talagang magandang lugar na maaari mong pagpalipasan ng mga oras.

**450** Munting bagay na makita
isang buhay at pagsinta,
iyong kunin at wala kang
maririnig na pagmura.

**451** Doo'y payapa ang buhay
malayo ka sa ligamgam
sa tuwina'y kaulayaw
ang magandang kalikasan.

Nasubok mo na bang matulog na ang bubong mo ay ang langit at ang ilaw mo'y mga bituin? Ganito siguro ang naranasan ni Don Juan.

**452** Matutulog ka sa gabi
na langit ang nag-iiwi,
sa magdamag ay katabi
ang simoy na may pagkasi.

**453** Magigising sa umaga,
katawan mo ay masigla,
kausap na tumatawa
ang araw na walang dusa.

Araw at gabing laging walang problema. Kung ikaw ang tatanungin, gustuhin mo kayang tumira sa isang pook na ganito?

Nang magkita-kita ang tatlong magkakapatid, ipinasya nilang doon na manirahan sa kabundukan ng Armenya. Hindi ka naman magtataka sa kanilang pasya dahil nga sa kagandahan ng kapaligiran ng Armenya.

Isang araw, nakakita sila ng isang balong "malalim ay walang tubig/sa ibabaw ay may lubid." (S481 T3-4).

Narito pa ang dagdag na paglalarawan ng balon:

**482** Ang lalo pang pinagtakha'y
ang nakitang kalinisan,
walang damo't mga sukal
gayong ligid ng halaman.

**483** Ang bunganga ay makinis
batong marmol na nilalik,

mga lumot sa paligid
mga gintong nakaukit.

Paano na nga inilarawan ang paligid ng balon? Malinis, di ba? Walang kalat, kahit maraming tanim na halaman sa paligid. At ang bunganga ng balon – ano ang ginamit dito? Marmol. Na may palamuti pang gintong nakaukit, ano?

Mahiwaga, di ba? Kung ikaw ang nakatuklas ng gayong uri ng balon, di ka rin kaya maakit na tuklasin kung ano ang nasa kailaliman niyon? Siguro ay lulusong ka rin sa balong ito, di ba?

Kung ikaw ang nasa lugar ni Don Juan, matapos sumuko ang iba, kayanin mo pa kayang lumusong sa kailalimang hindi mo alam kung saan ka dadalhin?

Pero likas na may determinasyon si Don Juan. Kaya nang di makayanan ng dalawang nakatatandang kapatid ang dilim at lalim ng balon, siya ang lumusong hanggang sa napakalayong kailaliman. Alalahanin mong may lubid na sa ibabaw ng balon, kaya talagang dito nagdaraan ang mga nanggagaling doon sa kailaliman patungo sa kalupaan sa ibabaw.

Ano ang nakita ni Don Juan sa kalaliman?

Ang nakita ni Don Juan ay isang napakagandang dalaga. Ganito ang paglalarawan sa kanya:

**514** Sumisikat na bituin
sa bughaw na panginorin,
nakangiti at magiliw
sa pagsasabog ng ningning!

Pagkakita sa dalaga'y lumitaw ang isa pang katangian ng ating bidang si Don Juan. Mahulaan mo kaya kung ano ito?

Narito ang usapan ng dalawa:

**515** "O marilag na Prinsesa,
ang sa araw na ligaya't
kabanguhan ng sampaga
sa yapak mo'y sumasamba."

Nahulaan mo ba ang isa pang katangian ni Don Juan, na ngayon lamang lumitaw? Tama. Bolero ang ating bida. Matamis ang dila. Mahusay humabi ng mga salitang nakaaakit sa makakarinig.

Kung ikaw ang dalagang inaalayan ng gayon katamis na pananalita, di rin kaya lumambot ang puso mo sa isang estranghero?

At kung ikaw naman ang nasa katayuan ni Don Juan, gayon din bang mga salita ang agad mamumutawi sa mga labi mo?

Gayon ang suyuan noong araw, noong panahon ng ating mga lolo't lola, noong hindi pa uso ang cellphone at texting.

**516** "Sa matamis na bati mo'y
nagagalak ang puso ko,
ngunit manghang-mangha ako
sa iyong pagkaparito!"

Sino na ang nagsasalita rito? Tama. Ang dalagang nasa ilalim ng balon. Takang-taka siya kung paanong nakarating sa ilalim ng balon ang dayuhang binata. Ano ang sagot ni Don Juan?

**517** "Ako'y isang pusong aba
na kayakap ng dalita,
inihatid ditong kusa
ng pagsinta kong dakila.

**518** "Inimbulog sa itaas
ng malabay niyang pakpak,
saka dito inilapag,
maglingkod sa iyong dilag.

Nagsasabi ba ng totoo si Don Juan sa bahaging ito? Nambobola siya, di ba? Anong pagsinta itong sinasabi niyang naghatid sa kanya sa mahiwagang balon? Di ba pagkamausisa ang dahilan kung bakit naakit siyang lumusong sa napakalalim na balon? Gusto lamang niyang tuklasin kung ano ang nasa kailaliman ng mahiwagang balon. Hindi naman niya alam na may dilag na naninirahan doon.

Pero tila mabisa ang gayong pananalita. Para malaman kung mabisa nga ang mga salita ni Don Juan, basahin ang reaksyon ng dalaga:

**520** Sa pagsamong anong lungkot
ni Don Juang nakaluhod,
ang prinsesang maalindog
ay tinablan ng pag-irog.

Ngunit hindi agad nagpahalata ang prinsesa. Gayon ang kaugaliang Pilipino noon. Hindi agad tinatanggap ang pagsuyo ng binata. Gayon man, sa lalo pang matatamis na pananalita ng binata, napilitang umoo ang dalaga.

**529** At ang wikang buong suyo:
"Tanggapin mo yaring puso,
pusong iyan pag naglaho'y
nagtaksil ka sa pangako."

Ang sagot ni Don Juan? Siyempre, nangako siya ng habang buhay na pagmamahal na di kailan man magtataksil.

**530** “Magtaksil? Pagtaksilan
ang buhay ng aking buhay?
Prinsesa kong minamahal
Panahon ang magsasaysay.”

Sa puntong ito sinabi ni Juana ang takot sa higanteng nagbabantay sa palasyo. Narito ang sagot ng matapang na prinsipe:

**534** “Prinsesa kong minamahal,
ang matakot ay di bagay,
manghawak sa kapalara’t
sa Diyos na kalooban.”

Dito na biglang dumating ang higante. Narito ang usapan nina Don Juan at ng higante.

**539** “Di na pala kailangang
mamundok pa o mamarang
dito man sa aking bahay
ay lumapit na ang pindang.

**540** “Salamat nga’t narito na
sa tiyan kong parang kweba
ang kaytagal ko nang pita
ang tatlo man ay kulang pa.”

Nahulaan mo ba kung sino ang bumigkas ng mga pananalita sa S539-540? Tama, ang higante, na agad humamon sa binatang prinsipe nang bantaan itong kakainin niya. Palagay mo ba ay nasindak si Don Juan? Syempre, hindi. Heto ang sagot niya sa higante.

**541** Sa mga kutyang narinig
si Don Juan ay nagngalit:
“Higante, ‘tikom ang bibig,
ako’y di mo matitiris.

**542** “Kung ikaw man ay kilabot
sa pook mong nasasakop
sayang iring pamumundok
pag di kita nailugmok.”

Matapang na sagot, di ba? Mapanindigan kaya ni Don Juan ang tapang ng kanyang mga pananalita? Ano sa palagay mo?

**543** “At matapang? May lakas pang
tumawad sa aking kaya?
A, pangahas! Ha, ha, ha, ha
Ngayon mo makikilala.

**544** “Nang sa inyo ba’y umalis
nangako ka pang babalik?
Nasayang ang panaginip,
dito kita iliitgpit.”

Patuloy ang panggagalit ng higante, di ba? Ano naman ang sagot ni Don Juan?

**545** “Ayoko ng angay-angay
lumaban ka kung lalaban!
Kung hangad mo yaring buhay
hangad kong ikaw’y mapatay.”

At naglaban na ang higante at ang tao. Sino kaya ang mananalo?

**546** Nagpamook ang dalawa
nagpaspasang parang sigwa,
sa pingkian ng sandata
ang apoy ay bumubuga!

**547** Sa mabuting kapalara’t
sa Diyos na kalooban,
ang Higante ay napatay
ng prinsipeng si Don Juan.

Tama ba ang hula mo? Siyempre, ang ating bida, si Don Juan, ang nagwagi. Pero hindi niya solo ang tagumpay. Paano niya natalo ang higante? Sinagot ito sa S547. Mabuting kapalaran ang sumakanya dahil ito’y kalooban ng Diyos.

Naaalala mo pa ba ang isang katangian ni Don Juan? Iyon ay ang pananampalataya sa Diyos at laging pagdalangin sa Birhen. Ang katangiang ito ang nagbigay sa kanya ng tagumpay.

Ipinakita sa mga talakay na ito ang tatlong ***elemento ng narativ***: ang ***tauhan, tagpuan*** at ***usapan.***

Ano na nga ba ang tinutukoy ng ***tauhan***? Ito ang gumaganap sa kwento. Sa tauhan umiikot ang kwento. Maaaring ito ay pangunahing tauhan, tulad ni Don Juan. O tauhang suporta sa pangunahin, tulad nina Don Pedro at Don Diego.

Ano naman ang tinutukoy ng ***tagpuan***? Ito ang lugar at oras nang maganap ang kwento.

At ang ***usapan***? Tinatawag ding ***dayalog***, ito ang mga sinasabi ng mga tauhan. Mas buhay na buhay at lutang na lutang ang karakter ng tauhan kapag ipinakita ang tuwirang pagsasalita nito.

Pansinin na ang tuwirang sipi ng sinabi ng tauhan ay ikinukulong sa mga panipi.

Basahin mo uli ang saknong na ito:

**429** Bago mitak ang umaga
si Don Jua'y umalis na
wika'y "Ito ang maganda
natatago ang maysala."

Ano ang ipinapakita sa saknong na ito? Alin sa ***tauhan, tagpuan*** o ***usapan*** ang isinasaad dito? Di ba ang magandang katangiang mapagpatawad ng pangunahing tauhan na si Don Juan? Kusa siyang lumisan ng Berbanya upang pagtakpan ang mga kapatid na siyang nagpakawala sa Ibong Adarna.

Samakatwid, tauhan ang binibigyang pansin sa saknong na ito.

Napansin mo ba ang pahayag ni Don Juan? Ano ang eksaktong sinabi niya? Di ba, "Ito ang maganda/natatago ang maysala." Nakakulong sa panipi ("…") ang winika niya. Ito ang tinatawag na tuwirang sipi ng sinabi ng tauhan.

Kung hindi tuwiran ang pagsipi, ganito naman ang pagpapahayag:

***Sinabi ni (o Ayon kay/ Winika ni ) Don Juan na maganda ang gayon upang maitago ang maysala.***

Wala nang panipi, di ba?

Kapag tapos na ang saknong, pero patuloy pa ang pagsasalita ng tauhan, walang panipi sa katapusan ng saknong. Samantala, may panipi sa pagsisimula ng bagong saknong. Tingnan ang mga halimbawa:

**525** "Sukatin mo yaring hirap
ng sa iyo ay paghanap
balong lihim ay di tatap
nilusong kong walang gulat.

**526** “Hinamak ang kadiliman
at panganib na daratnan,
ngayong kita’y masilaya’y
sawi pa rin yaring buhay!”

Binigyang pansin mo ba – walang panipi sa huling taludtod ng S525. Ibig sabihin, ang nagsasalita sa S525 ay magpapatuloy ng pagsasalita sa S526. Maliwanag ba?

Sa tuwirang pagsipi ng sinabi ng tauhan, maaaring gumamit ng pariralang nagsasaad kung sino ang nagsasalita. Halimbawa:

***Wika ni Don Juan, “Ito ang maganda/natatago ang maysala.”***

Kung minsan, hindi na kailangang sabihin pa kung sino ang nagsasalita. Sa palitan ng dayalog ng dalawang nag-uusap, mahuhulaan mo na kung sino ang nagsasalita batay sa sinasabi.

Narito ang mga halimbawa:

**515** “O marilag na Prinsesa,
ang sa araw na ligaya’t
kabanguhan ng sampaga
sa yapak mo’y sumasamba.”

**516** “Sa matamis na bati mo’y
nagagalak ang puso ko,
ngunit manghang-mangha ako,
sa iyong pagkaparito!”

Sa dalawang magkasunod na saknong, hindi binanggit kung sino ang nagsasalita. Mahulaan mo kaya kung sino ang nagsasalita sa S515? Tama ka kung si Don Juan ang isinagot mo.

Paano mo natiyak na siya nga ang nagsasalita sa saknong na ito? Ang T1 ay nagsasaad kung sino ang kausap niya, ang magandang prinsesa. Kaya alam mong si Don Juan ang nagsasalita. Alam mo ring natapos na ang pagsasalita niya dahil may panipi sa hulihan ng saknong.

Sa S516 naman? Di ba ang prinsesa na ang nagsasalita rito? Paano mo natiyak? Dahil sa nilalaman ng kanyang pahayag, di ba? Ito ang sagot niya sa pagbati ng prinsipe. At pagsasabi na rin ng pagkabigla niya sa bagong dating na si Don Juan.

Gaya ng nabanggit na, ang ***tauhan, tagpuan*** at ***usapan*** ay mga elemento ng narativ o pagsasalaysay. Bakit may mga elemento ng narativ sa ating pinag-aaralang korido?

Uulitin ko, ang ***korido*** ay isang mahabang tulang pasalaysay. May sukat at tugma dahil nga ito’y patula, at may kwento sa tulang ito kaya nga tinawag na pasalaysay.

**Gamitin**

Ngayon, matutukoy mo na ba ang mga saknong na nagpapakita ng kasiya-siyang tauhan, tagpuan, at usapan?

Basahin mo ang mga saknong at isulat sa iyong sagutang papel kung anong katangian ng tauhan ang ipinapahayag sa mga ito:

**534** “Prinsesa kong minamahal,
ang matakot ay di bagay,
manghawak sa kapalara’t
sa Diyos na kalooban.”

a. nananalig sa Diyos
b. natatakot sa higante
c. nagmamahal sa prinsesa

**582** “Hindi kita kailangan
ni makita sa harapan,
umalis ka’t manghinayang
sa makikitil mong buhay.”

a. may malasakit sa kausap
b. mapanghamak
c. magagalitin

Anong mga taludtod ang nagpapahayag ng katangiang pinili mo?

Ano namang uri ng lugar ang inilalarawan sa saknong na ito?

**571** Ang palasyo kung munti man
ay malaking kayamanan,
walang hindi gintong lantay
ang doon ay tititigan.

a. palasyong maliit at wala ni ginto
b. palasyong maliit at walang halaga
c. palasyong maliit ngunit malaking kayamanan

Ano ang isinasaad sa usapan sa ibaba:

**545** “Ayoko ng angay-angay
lumaban ka kung lalaban!
Kung hangad mo yaring buhay
hangad kong ikaw’y mapatay.”

a. pagsuko
b. paghamon
c. pag-iwas

Tingnan mo nga kung tama ang mga sagot mo. Narito ang mga tamang sagot:

S534: a
S582: a. T3-4
S571: c
S545: b

**Lagumin**

Malinaw na ba sa iyo kung paano mapipili ang mga tiyak na bahagi ng korido na nagpapakita ng kasiya-siyang tauhan, tagpuan, at usapan

Upang maging mas malinaw pa, narito ang pangunahing puntos ng sub-araling ito:

1. Ang tauhan, tagpuan at usapan ay mga elemento ng ***narativ*** na makikita sa isang korido. Ito ay dahil ang korido ay mahabang tulang nagsasalaysay o nagkukwento kaya taglay nito ang mga elemento ng narativ.

2. Ang pangunahing tauhan ay si Don Juan. May mga bagong tauhan ang koridong ***Ibong Adarna*** sa pangalawang bahaging ito: sina Juana at Leonora at ang mga tanod nila, ang higante at ang serpyenteng may pitong ulo.

3. Ang tagpuan ay ang lugar at panahon nang maganap ang kwento. Sa koridong Ibong Adarna, ang panahon ay noong unang panahon ng mga hari at reyna. Sa pangalawang bahaging ito ng korido, ang lugar ay ang kabundukan ng Armenya.

4. Ang usapan o dayalog ay nagbibigay-buhay sa mga karakter. Kapag tuwirang sinipi ang sinabi ng tauhan, ikinukulong ito sa mga panipi.

Ngayong malinaw na ang mga puntos ng sub-araling ito, handa ka na ba sa isang pagsubok?

**Subukin**

I. Piliin ang tamang sagot. Isulat lamang ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel

1) Sino ang pangunahing tauhan sa koridong ***Ibong Adarna***?

a. Don Pedro b. Don Diego c. Don Juan

2) Sa ikalawang bahagi ng ***Ibong Adarna***, saan ang tagpuan?

a. Albanya b. Berbanya c. Armenya

3) Sino ang nagpakawala sa Ibong Adarna?

a. Si Don Diego at si Don Pedro
b. Si Don Pedro at si Don Juan
c. Si Don Pedro, si Don Diego at si Don Juan

4) Saan nakarating si Don Juan nang lisanin niya ang kanilang kaharian?

a. Albanya b. Berbanya c. Armenya

5) Anong klaseng balon ang nakita ng magkakapatid?

a. may tubig b. walang tubig

6) Sino ang unang inihugos ng lubid patungo sa kailaliman ng balon?

a. Si Don Diego b. Si Don Pedro c. Si Don Juan

7) Bakit hindi nakarating sa kailaliman si Don Pedro at si Don Diego?

a. Natakot sa dilim at lalim ng balon
b. Nasilaw sa liwanag ng balon
c. Maikli ang lubid na ipinanghugos sa balon

8) Sino ang nakarating sa kailaliman ng balon?

a. Si Don Pedro b. Si Don Diego c. Si Don Juan

9) Sino ang dalagang may bantay na higante"

a. Si Juana b. Si Leonora

10) Sino ang nakapatay sa higante?

a. Si Don Pedro b. Si Don Diego c. Si Don Juan

II. Anong uri ng tauhan ang inilalarawan batay sa kanyang sinasabi:

1) **543** “At matapang? May lakas pang
tumawad sa aking kaya?
A, pangahas! Ha, ha, ha, ha
Ngayon mo makikilala.

a. mapangutya b. matapang c. pangahas

2) **515** “O marilag na Prinsesa,
ang sa araw na ligaya’t
kabanguhan ng sampaga
sa yapak mo’y sumasamba.”

a. matamis ang dila
b. matapat magsalita
c. masambahin sa kausap

3) **541** Sa mga kutyang narinig
si Don Juan ay nagngalit:
“Higante, ‘tikom ang bibig,
ako’y di mo matitiris.

a. mapangutya b. mapanghamon c. matakutin

Tama kaya ang mga sagot mo? Tama ka kung ganito:

I. 1) c 6) b
2) c 7) a
3) a 8) c
4) c 9) a
5) b 10) c

II. 1) a 2) a 3) a

Kung tama ang sagot mo sa lahat ng tanong, hindi mo na kailangang sagutan ang susunod na bahagi, ang ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

1. Sino ang nagsasalita sa mga saknong sa ibaba? Paano mo natukoy kung sino ang nagsasalita?

a. **519** "Ako'y iyong kahahabagan
O, Prinsesang minamahal,
at kung ito'y kasalanan
sa parusa'y nakalaan."

b. **523** Sa laki ng kapanglawan
ang prinsipe'y nanambitan:
"Kung wala kang pagmamahal
kitlin mo na yaring buhay.

c. **524** "Ano pa yaring halaga
kung sawi rin sa pagsinta,
mahanga, O Donya Juana,
hininga ko'y malagot na."

d. **565** "Anong tamis ng mamatay
kung lugod ng minamahal!
Anong saklap ng mabuhay
kung duwag na tuturingan!

e. **566** "Huwag kang maghihilahil
may awa ang Inang Birhen,
sa magandang nasa natin
ay di niya hahabagin."

Tama kaya ang mga sagot mo? Kung ganito ang sagot mo, tama ka:

Si Don Juan ang nagsalita sa lahat ng saknong sa itaas. May iba't ibang paraan para makilalang si Don Juan ang nagsasalita. Iisa-isahin ang mga ito sa ibaba:

a. Sa S519 T2, tinukoy ang prinsesa na siyang kausap. Kaya siguradong si Don Juan ang nagsasalita.

b. Sa S523 T2, sinabing ang prinsipe ang nagsasalita: "ang prinsipe'y nanambitan."

c. Sa S523 T3, binanggit ang ngalan ni Donya Juana na siyang kausap kaya siguradong si Don Juan ang nagsasalita.

d. Ang S565 ay tunog-macho, di ba? Tunog-pananalita ng isang binata na gustong magpapogi sa isang dalaga. Lalo na ang T3-4. Hindi ito masasabi ng isang dalaga, lalo pa noong mga unang panahon. Ang pananalitang ito ang binitiwan ni Don Juan bago siya nagpunta sa palasyo ni Leonora upang ito naman ang iligtas sa serpyenteng may pitong ulo.

e. Sino ba ang tauhang laging nananawagan sa Inang Birhen? Di ba si Don Juan? Kaya tiyak na siya ang nagsabi nito. Isa pang clue: Ang saknong na ito ay karugtong ng S565. Napansin mo bang

walang paniping nagkukulong sa S565 T4? Ito'y dahil ang susunod na pananalita ay kay Don Juan pa rin.

Kung ang sagot mo ay si Don Juan ang nagsasalita sa lahat ng saknong sa itaas, tama ang mga sagot mo. Kung ang katwiran mo naman ay kahawig ng paliwanag sa itaas, tama ka rin.

## Sub-Aralin 2:

## Idea, Opinyon, Paniniwala

***Layunin:*** Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang natutukoy mo ang mga tiyak na bahagi sa akda na nagpapakita ng:

- magkatulad na idea
- magkasalungat na idea
- magkatulad na opinyon
- magkasalungat na opinyon
- magkatulad na paniniwala
- magkasalungat na paniniwala

**Alamin**

Matapang talaga si Don Juan, ano? Akalain mong mapatay niya ang higante? Ang nakaraang sub-aralin ay dito nagtapos, sa pagkapatay ni Don Juan sa higante. May naaalala ka bang kwento sa Bibliya tungkol sa ganito ring paghahamok ng higante at tao? Tama. Ang taong si David at ang higanteng si Goliath. Sino ang nanalo? Di ba si David? Tagumpay ng maliit laban sa malaki.

Sa bahaging ito ng korido, maliit man si Don Juan, laban sa malaking higante, nanalo pa rin siya, dahil sa tulong ng Diyos na lagi niyang tinatawagan.

Ngayon, ang ililigtas naman niya ay ang kapatid ni Juana na si Leonora. Ang bantay ng dalaga, hindi higante kundi serpyenteng may pitong ulo. Magwagi kaya uli ang ating bida?

Pinuntahan na ni Don Juan ang palasyo ni Leonora at nakita niya itong nakadungaw sa bintana. Ito ang kanyang reaksyon nang makita ang dalaga.

**574** Natikom ang kanyang bibig
dila ay parang napagkit,
mga matang nakatitig
alitaptap na namitig!

Maganda ba ang dalagang nakita niya? Hindi lamang maganda kundi pagkaganda-ganda! Ano ang ibig sabihin ng T3-4: “mga matang nakatitig/alitaptap na namitig!”  Ano pa kundi, hindi na kumurap ang prinsipe sa pagkakatitig sa dalaga.

**575** Kaya lamang nakahuma
nang simulan ni Leonora:
“O, pangahas, sino ka ba
at ano ang iyong pita?”

**576** “Aba, palaba ng Buwan,
Tala sa madaling-araw
hingi ko’y kapatawaran
sa aking kapangahasan.

**577** “Sa mahal mong mga yapak
alipin mo akong tapat,
humahalik at ang hangad,
maglingkod sa iyong dilag.”

Matamis talaga ang dila ni Don Juan, ano? Basta’t nakakita ng kagandahan ay agad nakahahabi ng mabulaklak at matamis na pananalita. Alam mo ba kung ano ang palaba? Ito ang ***halo*** o ang bilog na liwanag na nakapaligid sa buwan.

Matamis din ba ang dila ng mga binata sa ngayon?  Ikaw, ganyan ka ba?

Sa maikling panahon ng kanilang pagkikilala, agad napaibig ni Don Juan si Leonora. Sa simula’y nagkunwaring nagagalit ang dalaga sa pangahas na binata pero ito’y pagsubok lamang. Paano na si Donya Juana?  Mahulaan mo kaya?

Naglaban si Don Juan at ang serpyenteng may pitong ulo. Sino kaya ang nanalo? Parang walang kamatayan ang serpyente dahil ang ulong natagpas ay bumabalik sa katawan. Pero binigyan ni Leonora si Don Juan  ng balsamo na kapag ibinuhos sa ulo ay di na ito makahuhugpong pa uli sa katawan. Kaya napatay ni Don Juan ang ahas.

Isinama niya sa ibabaw ng balon ang magkapatid na Juana at Leonora  at pauwi na sana sila nang maalala ni Leonora ang singsing na naiwan niya sa palasyo. Bumalik si Don Juan sa ilalim ng balon upang kunin ang singsing. Ngunit panibagong pagtataksil ang naisipan ni Don Pedro. Pinatid niya ang lubid na kinakapitan ng kapatid kaya ito ay bumulusok sa balon at nagkabali-bali ang mga buto.

**Linangin**

May mga idea, opinyon, at paniniwala sa bahaging ito ng korido na tatalakayin sa sub-araling ito.

Linawin muna natin sa bahaging ito ang pagkakaiba ng tatlong salita.

Ang ***idea*** ay alin mang palagay, kuru-kuro, kaalaman o kaisipan tungkol sa alin mang bagay. Maaaring maging ***opinyon*** ang isang idea kung ang kaisipang taglay nito ay sinusuportahan na ng matinding damdamin o pagkiling batay sa palagay lamang at hindi sa matibay na patunay. Ang ***paniniwala*** ay matibay na pagsuporta sa isang idea, at tiwala na ang ideang ito ay totoong-totoo at di mababali.

Basahin ang mga saknong sa ibaba. Ang nagsasalita ay si Leonora. Ito ang tugon niya sa inihahaing pag-ibig ni Don Juan.

**610** “Sinusubok ko nga lamang
kung ang puso mo’y marangal,
ugali ng alinlanga’t
alaalang pagtaksilan.

**611** “Pagkat marami sa puso
talusira sa pangako,
sa pagsinta’y mapagbiro’t
matuwaing sumiphayo.

**612** “Pipitasin ang bulaklak
sa tangkay na nag-iingat,
mahal habang di pa kupas,
pag nalanta ay sa layak!”

Anong mga ***idea*** ang ipinapahayag sa mga saknong sa itaas? Ano na nga ang idea? Ito ay maaaring kuru-kuro, palagay, kaalaman o kaisipan. Di ba may kinalaman sa pag-ibig ang ideang pinalulutang sa mga saknong sa itaas? Pagsubok kay Don Juan at pag-aalalang baka taksil ang binata.

Naaalala mo pa si Juana? Di ba niligawa’t napaibig din ni Don Juan? Ngayo’y ang kapatid naman nito ang tinutuhog ng binata.

Dagdag pa ni Leonora sa S611, maraming lalaki ang di tumutupad sa pangako. Ito ang ibig sabihin ng ***talusira***. Biro lamang ang pag-ibig sa mga lalaki at natutuwa silang magpaibig upang magpaluha lamang pagkaraan. Ganito nga ba ang mga lalaki?

Inihambing ang dalaga sa isang bulaklak na pinipitas ng binata, na habang sariwa ay iniingat-ingatan pero kapag nalanta na ay itinatapon na lamang sa basurahan. Nag-aalala si Leonora na kapag nagsawa na ang binata ay iwan na lamang siya at sukat.

Sa kasalukuyang panahon ba ay may ganito rin bang mga pangyayari? Posible, di ba? Hindi tama, pero nangyayari.

Malinaw na ba sa iyo ang ideang nakapaloob sa mga S610-612? Ito ay ang ***kataksilan*** ng mga lalaki sa pag-ibig.

At ano naman ang kasalungat na idea ng kataksilan? Di ba katapatan? Ang pagiging tapat sa pag-ibig. Ang katapatan ay maaaring hindi lamang sa pag-ibig kundi sa pamilya, sa bayan, sa paniniwala.

Anong paniniwala ang pinalulutang sa bahaging ito ng koridong pinag-aaralan? Ano nga ba ang ibig sabihin ng paniniwala? Kapag iniisip mo o nadarama mong totoong-totoo ang isang bagay o isang idea, ito ay paniniwala.

Malinaw na isinusulong sa korido ang mataos na paniniwala sa Diyos at sa Inang Birhen. Kung maaalala mo, ang korido ay karaniwang nagsisimula sa isang panawagan sa isang pintakasi. Sa ***Ibong Adarna***, ang Birheng matangkakal ang pinanawagan upang gumabay sa kanya sa pagsasalaysay.

Ang Birhen din ang laging pinananawagan ni Don Juan upang gumabay sa kanya sa tuwi-tuwina. Ikaw, kanino ka nagdarasal upang gabayan ka lagi sa iyong pag-aaral, sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay, at lalo pa pag nahaharap ka sa problema?

Basahin ang sumusunod na mga saknong na nagpapahayag ng paniniwala:

**607** “Pagkat lihim itong balon
sinong taong sakdal-dunong
ang dito’y makatutunton
kundi Diyos ang may ampon?”

Anong paniniwala ang isinasaad dito? Di ba, ang paniniwala sa Diyos? Ano pa? Ang paniniwala sa kapalaran o sa tadhana di ba? Ang ibig sabihin, itinadhana si Don Juan na makarating sa mahiwagang balon. Ang pangyayaring ito’y gawa ng isang nasa itaas, ng Diyos, na nagturo sa kanya sa balon. Hindi siya makararating doon kung sa kanyang sarili lamang dahil nakatago ang balon at di mararating ng tao kung walang gabay na magtuturo sa kanya.

Sang-ayon ka ba na may gumagabay sa ating mga kilos at siyang nagtuturo ng ating tamang landas?

Ano naman ang kasalungat ng paniniwalang ito? May ilang naniniwala na ang tao ay isang malayang nilalang. Nasa kanyang mga kamay ang pagbuti niya o pagsama at walang mahiwagang pwersang gumagabay sa kanya kundi ang sarili niyang konsyensya at pasya.

Alin sa dalawang magkasalungat na paniniwala ang sinusuportahan mo?

Narito pa ang ilang piling saknong na nagpapahayag ng paniniwala sa Diyos:

**567** Lumakad nang patuluyan,
puso'y walang agam-agam.
Diyos ang tinatawagang
sa daratning kapalaran.

Sa puntong ito ay patungo na si Don Juan sa palasyo ni Leonora na tinatanuran ng serpyenteng may pitong ulo. Wala siyang kaba dahil sa malaking paniniwalang di siya pababayaan ng Diyos.

Kapag nakaharap ka sa malaking pagsubok, kanino ka humihingi ng tulong? Nagdarasal ka rin ba sa Diyos?

Ang kasalungat na paniniwala nito ay ang pananalig sa sariling kakayahan. Na kung pinaghandaan mo ang alin mang pagsubok, nasa sarili mong mga kamay ang iyong tagumpay, hindi sa tulong ng iba.

Alin sa dalawang paniniwala ang sinusuportahan mo?

Sa sumusunod namang mga saknong, naglalaban na ang serpyente at si Don Juan. Parang pinanghihinaan na ng loob si Don Juan dahil ang serpyente ay "may buhay na sapin-sapi't/di yata makikitil." (S631 T3-4.)

Kaya, ano ang ginawa ni Don Juan?

**632** Dito na siya tumawag
sa Diyos, Haring mataas,
sa kabaka niyang ahas
huwag nawang mapahamak.

**633** Di man niya maigupo
huwag siyang masiphayo,
ni matigisan ng dugo't
pagkatao'y maitayo.

Ano ang resulta ng gayong pagtawag sa Diyos?

**634** Mataimtim palibhasa
ang pagtawag kay Bathala,
sindak niya ay nawala't
katapangan ay lumubha.

**635** Noon din ay naramdamang
nawala ang kanyang pagal,
para bagang bago lamang
sa ahas ay lumalaban.

**636** Lalo niyang nakilalang
ang Diyos ay nasa kanya
nang hapuin ang kabaka
hingi'y mamahinga muna.

Ano ang bisa ng dasal ni Don Juan? Dalawa, di ba? Una, sa panig niya, nawala ang takot niya. Lalo siyang tumapang at nawala ang pagod. Pangalawa, sa panig ng ahas, ito naman ang napagod kaya hiningi nitong mamahinga muna sila sa paglalaban.

Lalong naniwala si Don Juan na nasa panig niya ang Diyos. Ito ang isinasaad sa S636. Sang-ayon ka ba?

Ano naman ang kasalungat nitong paniniwala? Na mismong kay Don Juan nagmula ang tiwalang magagapi niya ang kalaban. Sa mismong kalooban niya nanggaling ang lakas, hindi sa pwersang nasa labas ng kanyang pagkatao.

Alin sa dalawa ang pinaniniwalaan mo?

Alin naman ang bahaging naglalahad ng opinyon? Ano na nga ba ang opinyon? Ito'y kung ano ang iniisip ng isang tao tungkol sa isang bagay o pangyayari batay lamang sa kanyang pakiramdam o nadarama, hindi sa solidong mga patunay.

Basahin ang mga saknong na ito. Bigyang pansin ang mga bahaging may salungguhit.

**623** Dinaluhong ng prinsipe
ng espada ang Serpyente,
kasabay ang pagsasabing:
"<u>Ang buhay mo'y mapuputi!</u>"

**624** Sagot ng Serpyente'y ito:
"Iyan ang hinahanap ko,
<u>magsisi ka at totoong</u>
<u>makikitil ang buhay mo."</u>

Magkasalungat na opinyon ang inilahad sa dalawang saknong sa itaas, di ba? Sa opinyon ni Don Juan, mapuputi o mapapatay niya ang buhay ng serpyente. Sa kabilang dako, ang serpyente naman ay may opinyon na ang prinsipe ang mamamatay sa kanyang pangil. Hindi batay sa patunay ang opinyon ng isa't isa kundi salig lamang sa pakiramdam nila. Noon lamang sila nagkaharap at di pa nila alam ang kakayahan ng isa't isa

Kaninong opinyon ang nagkatotoo? Tama ka, ang kay Don Juan, dahil siya ang nagwagi sa labanan at napatay niya ang ahas.

**Gamitin**

Handa ka na bang gamitin ang iyong mga napag-alaman?

Basahin ang mga saknong sa ibaba at sabihin kung ang inilalahad sa mga pariralang may salungguhit ay (a) idea, (b) opinyon o (c) paniniwala.

**608** "<u>Sa Diyos na ngang talaga</u>
<u>ang sa iyo'y pagkakita</u>,
kaya, mabunying Prinsesa
lunasan mo yaring dusa."

**649** "Di ko kayo huhumpayan
hanggang hindi mangamatay,
ang ulo ko, iisa man
<u>ako ang magtatagumpay</u>.

**661** <u>Panibugho at ang imbot</u>
sa puso ay sumusunog,
dibdib ay ibig pumutok
sa sama ng kanyang loob.

**678** "Ako nama'y nariritong
umiibig din sa iyo,
<u>maging siya't maging ako</u>
<u>iisa sa pagkatao</u>.

**679** "Kapwa kami mayro'ng dangal
Prinsipe ng aming bayan,
<u>pagkat ako ang panganay</u>
<u>sa akin ang kaharian</u>."

**694** Nanunton ang kalooban
sa matandang kasabihang:
*Madalas na magbulaan*
*ang sa taong panagimpan*.

Ganito rin ba ang mga sagot mo:

S608: Paniniwala. Paniniwalang talaga ng Diyos ang pagkikita nila.

S649: Opinyon. Hindi nagkatotoo ang opinyong ito ng ahas dahil siya ang napatay ng kalaban.

S661: Idea. Tungkol sa pag-ibig at imbot.

S678: Idea. Iisa ang mga magulang nina Don Pedro at Don Juan kaya sinabi niya kay Leonora na "iisa sa pagkatao" kaya pwedeng ipalit ang una (Don Pedro) sa pangalawa (Don Juan) sa puso ni Leonora.

S679: Idea.

S694: Paniniwala.

**Lagumin**

Malinaw na ba sa iyo ang sub-araling ito? Upang maging mas malinaw pa, inilahad sa ibaba ang mga pangunahing puntos ng sub-aralin.

1. Ano ang ***idea?*** Ang ***idea*** ay alin mang palagay, kuru-kuro, kaalaman o kaisipan tungkol sa alin mang bagay.

2. Maaaring maging ***opinyon*** ang isang idea kung ang kaisipang taglay nito ay sinusuportahan na ng matinding damdamin o pagkiling batay sa palagay lamang at hindi sa matibay na patunay.

3. Ang ***paniniwala*** ay matibay na pagsuporta sa isang idea, at tiwala na ang ideang ito ay totoong-totoo at di mababali.

Ngayon, handa ka na ba sa isang pagsubok?

**Subukin**

Sagutin ang mga tanong.

4. Ano ang kinatatakutan ni Leonora kaugnay ng pag-ibig na iniaalay ni Don Juan? Aling saknong ang nagpapahayag ng pag-aalalang ito?
5. Sino o ano ang nakalaban ni Don Juan sa bahaging ito ng koridong ***Ibong Adarna***?
6. Dalawang bagay ang nakatulong kay Don Juan upang magapi ang serpyente? Ano ang mga ito?
7. Basahin ang mga saknong at sagutin ang mga tanong.

**632** Dito na siya tumawag
sa Diyos, Haring mataas,
sa kabaka niyang ahas
huwag nawang mapahamak.

a. Sino ang ***siya*** na tinutukoy sa saknong na ito?
b. Kanino siya tumawag?
c. Ano ang hiniling niya? Aling taludtod ang nagpapahayag nito?

**633** Di man niya maigupo
huwag siyang masiphayo,
ni matigisan ng dugo't
pagkatao'y maitayo.

a. Hiniling bang mapatay ang ahas?
b. Ayaw bang mapahiya ni Don Juan kaya niya hiniling na "pagkatao'y maitayo"?(T4)

Tama kaya ang mga sagot mo? Tama ka kung ganito:

1. Pagtataksil ni Don Juan. S610-612.

2. Ang serpyenteng may pitong ulo.

3. Pagtawag sa Diyos at balsamo ni Leonora.

4. S632: a. Don Juan; b. Diyos, Haring mataas; c. "huwag nawang mapahamak," T4.
   S632: a. Kahit hindi niya maigupo o mapatay; b. ayaw niyang mapahiya dahil sa simula pa lamang ay siniguro na niyang siya ang magwawagi.

O, tama ba ang mga sagot mo? Kung tamang lahat ang sagot mo, hindi mo na kailangang sagutin ang kasunod nitong bahagi, ang ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

Sagutin ang mga tanong.

1. Anong mga idea ang nabasa mo sa bahaging ito ng korido? Ano ang kasalungat nito?
2. Anong mga opinyon ang nabasa mo sa bahaging ito? Ano ang kasalungat nito?
3. Anong mga paniniwala ang nabasa mo sa bahaging ito? Ano ang kasalungat nito?

Tama kaya ang mga sagot mo? Tama ka kung ganito:

1. Taksil sa pag-ibig ang mga lalaki kaya kailangan pang subukin muna ang katapatan; ang kasalungat nito ay katapatan. Ang isa pa ay ang inggit at pag-iimbot ni Don Pedro at ang kasalungat naman nito ay ang pagmamahal ni Don Juan sa kapatid.

2. Na kayang patayin ng isang tao (ni Don Juan) ang napakalaking serpyente na may pitong ulo. Magkasalungat ang mga opinyon ni Don Juan at ng serpyente. Sa opinyon ni Don Juan, mapapatay niya ang serpyente; sa opinyon naman ng serpyente, mapapatay niya si Don Juan.

3. Paniniwala sa Diyos at sa laging paggabay ng Diyos sa sino mang laging tumatawag sa Kanya. Kasalungat nito ang paniniwalang nasa mga kamay ng tao ang kanyang kapalaran, wala sa pwersang nasa labas ng kanyang pagkatao.

## Sub-Aralin 3:

## Mga Pananaw at Tradisyon

***Layunin:*** Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang nasusuri mo ang akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga bahaging nagpapatunay ng:

- panlipunang pananaw
- pangkulturang pananaw

- panrelihiyong pananaw
- mga tradisyon

**Alamin**

Lalong nagiging kapana-panabik ang mga pangyayari, di ba? Ano na kaya ang mangyayari kay Don Juan ngayong naiwan siyang bali-bali ang mga buto samantalang naglakbay nang pauwi sa Berbanya ang dalawa niyang kapatid at ang dalawang dilag na iniligtas niya?

Basahin ang mga saknong na nagsasalaysay ng sumunod pang mga pangyayari. Bigyang pansin mo ang mga pananaw at tradisyong isinasaad sa teksto.

Kausap ni Don Pedro ang kanyang ama:

**714** "Amang makapangyarihan,
puno nitong kaharian,
ang iyo pong kalooban
siya naming igagalang.

**715** "Kung ako po'y tatanungin
si Leonora na ang akin;
si Don Diego'y ikasal din
kay Donya Juanang butihin."

Ani Leonora naman:

**717** "Ako po'y di sumusuway
sa atas mo, Haring mahal
ngunit isang kahilingang
iliban muna ang kasal.

**718** "Sa aki'y ipahintulot
ng mahal mong pagkukupkop,
na bayaan kong matapos
yaring panata ko sa Diyos.

**719** "Mulang ako'y maulila
sa akin pong ama't ina,
pitong taon kong panatang
mamumuhay nang mag-isa."

Pumayag ang hari at sinabihan ang anak niyang si Don Pedro:

**727** “Pairugan si Leonorang
Magpatuloy sa panata;
Pedro’y pasasaan bagang
Di matupad iyang pita.

**728** “Tibayan ang kalooba’t
dagdagan ang kabaitan,
taong nagpapakabanal
huwag pagmamalaswaan.”

Idinaos ang kasal nina Don Diego at Donya Juana.

**730** Siyam na araw na singkad
buong reyno ay nagalak,
maginoo’t mga hamak
sa kasala’y nagkayakap.

Samantala, si Don Juan ay inalagaan ng Lobo ni Leonora. Kumuha ito ng tubig sa Ilog Herdan at:

**739** Buong suyong pinahiran
bawat pasa ng katawan,
gayon din ang mga pilay
na malubha at hindi man.

**740** Prinsipe’y agad lumakas
nabahaw ang mga sugat,
nakatindig at ang gilas
ngayon ay lalong tumingkad.

Pagkaraa’y lumisan na ang Lobo at naiwang nag-iisa si Don Juan. Ano ang kanyang ginawa?

**749** Dili ang hindi nabakla
ang prinsipe nang mag-isa,
kaya’t agad lumuhod na’t
sa Diyos napakalara.

**750** “O Diyos, Haring mataas
Panginoon naming lahat,
sa alipin Mo’y mahabag
na ituro yaong landas.”

Dito na dumating ang Ibong Adarna at pinayuhan si Don Juan na hanapin na lamang ang kanyang kapalaran:

**767** “Ngunit anhin pa ba natin
ang nagdaa’y sariwain,
ang marapat ngayong gawin,
ligaya mo ay hanapin.

**768** “Limutin sa alaala
ang giliw mong si Leonora
dito ay may lalalo pa
sa karangalan at ganda.”

**778** Sa payo nitong Adarna
ang Prinsipe’y lumakad na,
nalimutan si Leonora’t
puso’y na kay Maria Blanca.

**Linangin**

May mga pananaw at tradisyong nakapaloob sa mga saknong sa itaas.

Ano ba ang ***pananaw***? Ito ang paraan ng pagtingin o ang iyong saloobin sa mga bagay-bagay at maaaring ito’y kaugnay ng lipunan, kultura at relihiyon. Ang totoo’y magkakaugnay ang tatlong ito. Di ba lipunan ang lumilikha ng kultura? Ang paniniwala naman tungkol sa isang Maylikha ay may malaking impluwensya sa uri ng kulturang nabubuo ng isang lipunan.

Ang ***tradisyon*** naman ay ang mga pinagkaugalian nang paniniwala o paraan ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay. Maaaring ito’y ritwal, pagdiriwang, atb. Kaugnay pa rin ito ng lipunan, kultura at relihiyon. Ito ang mga bagay na ginagawa ng isang pangkat ng mga tao kaugnay ng kanilang mga pinaniniwalaan. Halimbawa, tradisyon na ang marangyang kasalan dahil sa paniniwalang kailangang ipagsaya ng buong komunidad ang bagong pagsasama ng dalawang nagmamahalan.

Ang S714-715 ay nagpapahayag ng nakaugalian nang paggalang sa mga magulang at pagsunod sa kanilang pasya, maging sa pag-aasawa. Ang totoo, noong unang panahon ay mga magulang ang nasusunod sa pag-aasawa ng anak. Ipinagkakasundo ang mga anak kahit mga bata pa. Kung sino ang gusto ng magulang na mapangasawa ng anak, ay iyon ang pakakasalan ng anak.

Ngayon, nasusunod pa ba ang tradisyong ito? Kung ikaw ang tatanungin, ganito rin ba ang ibig mong mangyari? Siyempre, hindi na ganyan ngayon. Malaya na ang bawat isa na pumili ng kanyang gusto.

Iginagalang din ni Leonora ang tradisyong ito kaya hindi siya nagpahayag ng pagtutol. Ang hiniling lamang niya ay palugit upang matupad ang panatang pamumuhay nang mag-isa sa loob ng pitong (7) taon. Ito naman ay nagpapakita ng panrelihiyong pananaw, na iginalang ng hari.

Nang mga panahong iyon, ang babae ay walang boses maging sa mga bagay na may kaugnayan sa buhay niya at kaligayahan. Sa lipunan, relihiyon at kultura ng maraming lugar, ang kababaihan ay sunud-sunuran lamang sa mga lalaki – sa ama hanggang magkaasawa, at sa asawa kapag siya'y ikinasal na.

Ngayon ba'y ganito pa rin ang nangyayari? Alin ang mas gusto mo, ang pananaw ngayon sa kababaihan, o ang dati?

**Gamitin**

Ngayon, ikaw naman ang maglapat ng mga natutuhan mo.

Anong pananaw ang mababakas sa S727-728? Pagpapahalaga sa kababaihan, di ba? Sinunod niya ang kahilingan ni Leonora. Bukod dito'y pinagbilinan pa niya si Don Pedro na "huwag pagmamalaswaan" si Leonora.

Ano namang tradisyon ang inilahad sa S730? Di ba ang marangyang kasalang nakaugalian na sa maraming bansa. Karaniwan, lalo't mahal na tao, o mga prinsipe at prinsesa ang ikinasal, ang pagsasaya ay tumatagal nang ilang araw. Ganito rin ba sa inyong bayan?

Samantala, ano namang pananaw ang isinasaad sa S739-740?

Tama ka kung panrelihiyong pananaw ang sagot mo. Hanggang ngayon, marami pang naniniwala sa mga mahimalang lunas sa sakit. Di ba maraming humihimas o nagpapahid ng panyo sa Santo Nino at iba pang mga imahe sa paniniwalang malulunasan ang kanilang karamdaman sa ganitong paraan?

Ano ang nangyari nang mapahiran ang buong katawan ni Don Juan ng tubig mula sa Ilog Herdan? Di ba mahimalang gumaling ang lahat ng butong nalinsad at naging mas matikas pa siya kaysa rati?

Sa kanyang pag-iisa, muli, tumawag sa Diyos si Don Juan upang gabayan siya sa tamang landas. Ito ang ipinapahayag sa S749-750. Anong uri ng pananaw ito? Di ba panrelihiyon?

**Lagumin**

Malinaw na ba sa iyo ang sub-araling ito? Upang maging mas malinaw pa, narito ang mga pangunahing puntos:

1. Ang ***pananaw*** ay ang paraan ng pagtingin sa mga bagay-bagay o ang iyong saloobin dito. Maaaring ito'y kaugnay ng lipunan, kultura at relihiyon.
2. Ang ***tradisyon*** naman ay ang mga pinagkaugalian nang paniniwala o paraan ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay. Maaaring ito'y ritwal, pagdiriwang, atb.
3. Ang bahaging ito ng korido ay nagbibigay ng mga halimbawa ng pananaw na panreliyon, panlipunan at pangkultura.

Ngayon, handa ka na ba sa isang pagsubok?

**Subukin**

Sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang hiniling ni Don Pedro sa kanyang ama pagdating nila sa Berbanya?

2. Pumayag bang pakasal sa kanya si Leonora? Ano ang idinahilan ng dalaga upang maipagpaliban ang kanilang kasal?

3. Sino ang hinihintay ni Leonora?

4. Pumayag ba ang hari sa kahilingan ni Leonora? Ano ang ipinagbilin ng hari kay Don Pedro? Tukuyin ang taludtod na nagsasaad nito.

5. Sino ang dumating upang gamutin ang mga pasa at baling buto ni Don Juan?

6. Ano ang ipinayo ng Ibong Adarna kay Don Juan?

7. Alin sa a, b, at c ang pananaw na isinasaad sa sumusunod na mga taludtod:

**767** **"**Ngunit anhin pa ba natin
ang nagdaa'y sariwain,
ang marapat ngayong gawin,
ligaya mo ay hanapin.

a. Kalimutan na ang nakaraan at harapin ang kinabukasan

b. Sariwain ang nagdaan

**768** “Limutin sa alaala
ang giliw mong si Leonora
dito ay may lalalo pa
sa karangalan at ganda.”

a. Limutin na ang dating giliw at maghanap ng iba

b. Laging alalahanin ang dating kasintahan

Tama kaya ang mga sagot mo? Tama ka kung ganito:

1. Ipakasal siya kay Leonora at si Don Diego naman kay Juana.

2. Hiniling niyang ipagpaliban ang kasal dahil sa kanyang panata.

3. Si Don Juan.

4. Pumayag ang hari. Sinabi niya kay Don Pedro na igalang ang pagkababae ni Leonora. S728T4.

5. Ang Lobo ni Leonora.

6. Hanapin ang Reyno de los Cristal at ang magandang prinsesang si Maria Blanca.

7. S767: a; S768: a.

Kung tamang lahat ang sagot mo, hindi mo na kailangang sagutan ang susunod na bahagi, ang ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

Punan ang mga patlang:

1. Ginamot ng Lobo ang mga pasa ni Don Juan sa tulong ng ______ mula sa Ilog Herdan.
   a. langis b. putik c. tubig

2. Ayon sa Ibong Adarna, huwag nang sariwain pa ni Don Juan ang nagdaan. Ang tinutukoy niya rito’y ang ____________.

a. pitong ulo ng serpyente
b. pagkamatay ng higante
c. pagtataksil ni Don Pedro

3. Maghanap na raw siya ng bagong ligaya, at ito ay si _________.
a. Leonora b. Maria Blanca c. Juana

4. Ang lupaing pupuntahan niya ay _________.
a. Reyno de los Cristal b. Berbanya c. Armenya

5. Sa paghahanap niya sa malayong kaharian, tinulungan siya ng ________.
a. magandang prinsesa b. matandang ermitanyo c. batang paslit

Tama kaya ang mga sagot mo? Narito ang mga tamang sagot:
1. c 2. c 3. b 4. a 5. b

***Mahal kong estudyante, maligayang bati. Ngayong natapos mo na ang Modyul 12, magpatuloy ka na sa Modyul 13.***

***Mga Sanggunian***

Rodillo, Gregorio M. et al. 1998. Ibong Adarna: Isang Interpretasyon. Binagong Edisyon. Maynila: Rex Book Store.

Santillan-Castrence, Pura. 1940. Publikasyon Blg. 26 ng Surian ng Wikang Pambansa. Maynila: Surian ng Wikang Pambansa.

## *Gaano ka na kahusay?*

A. Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa iyong sagutang papel ang ***T*** kung tama ang pangungusap at ***M*** naman kung mali.

1. Si Don Pedro, ang panganay sa tatlong prinsipe, ang bida sa koridong ***Ibong Adarna***.
2. Si Don Diego, ang pangalawang anak, ay sunud-sunuran lamang sa mga pakana ng panganay na kapatid.
3. Si Don Juan, ang bunso, ang paborito ng amang hari.
4. Si Don Juan ang nagpakanang pawalan ang Ibong Adarna upang iba ang mapagbintangan.
5. Nang makawala ang ibon, kusang nilisan ni Don Juan ang palasyo upang pagtakpan ang tunay na nagkasala.
6. Hindi ipinahahanap ng hari ang bunsong si Don Juan.
7. Masaya ang tatlong magkakapatid nang muling magkita-kita.
8. Tatlo ang nagtangkang lumusong sa mahiwagang balon pero isa lamang ang nakarating sa kailaliman.
9. Dalawang magandang dalaga ang nakatira sa palasyo sa ilalim ng balon.
10. Binabantayan sila ng isang higante at isang serpyenteng may tatlong ulo.
11. Napatay ni Don Pedro ang higante at ang serpyente.
12. Masayang umuwi sa Berbanya ang tatlong magkakapatid na prinsipe kasama ang dalawang dilag.
13. Ikinasal si Don Diego kay Juana.
14. Tumangging pakasal si Leonora kay Don Pedro.
15. Samantala, naiwan sa ilalim ng balon si Don Juan.

B. Piliin sa mga salita sa loob ng panaklong ang angkop sa patlang para mabuo ang pangungusap.

1. Ginagamit ang _______ upang ikulong ang tuwirang sinabi ng isang tauhan. (panipi, panaklong, bracket)
2. Ang _______ay tungkol sa lugar at panahon nang maganap ang isang kwento. (tauhan, tagpuan, usapan)
3. Dayalog ang isa pang tawag sa _______ (tauhan, tagpuan, usapan).
4. Ang tagpuan ng koridong ***Ibong Adarna*** ay noong ___________ (unang panahon, kasalukuyang panahon, hinaharap na panahon).
5. Ang korido ay mahabang tulang ___________ (nagsasalaysay, naglalahad, nangangatwiran).

C. Anong katangian ng tauhan ang isinasaad sa sumusunod na mga saknong? Piliin ang sagot sa ibaba. Isulat lamang ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. **466** Kung siya'y may kahinaang
sukat maging kapintasan,
ang pag-ibig na dalisay

sa kapatid kailanman.

a) laging mapagmahal sa kapatid
b) palapintas sa kapatid
c) mapaghanap sa kapatid

2. **508** Nasimulan nang gawain
ang marapat ay tapusin,
sa gawang pabinbin-binbin
wala tayong mararating.

a) determinasyong tapusin ang nasimulan
b) gustong ibinbin ang gawain
c) walang gustong marating

3. **522** Gayon pa man ay tinimpi
ang pagsintang ngumingiti
saka siya nagkunwaring
sa prinsipe'y namumuhi.

a) marunong magtimpi
b) mahusay magkunwari
c) madaling mamuhi

D. Basahin ang mga saknong. Anong katangian ng tagpuan ang isinasaad sa bawat saknong sa ibaba? Isulat lamang ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. **444** Tumutubong punungkahoy
mga bungang mapupupol,
matataba't mayamungmong,
pagkain ng nagugutom.

a) maraming bungangkahoy
b) maraming matataba
c) maraming nagugutom

2. **449** Simoy namang malalanghap
may pabangong pagkasarap,
langhapin mo't may pagliyag
ng sampaga at milegwas.

a) may bango ng bulaklak ang hangin
b) may paglingap ang hangin
c) may langhap-sarap ang hangin

3. **482** Ang lalo pang pinagtakha'y
ang nakitang kalinisan,
walang damo't mga sukal
gayong ligid ng halaman.

a) malinis ang paligid ng balon
b) masukal ang paligid ng balon
c) madamo ang paligid ng balon

E. Anong idea ang ipinapahayag sa sumusunod na mga saknong? Isulat lamang ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. **607** "Pagkat lihim itong balon
sinong taong sakdal-dunong
ang dito'y makatutunton,
kundi Diyos ang may ampon?"

Natuklasan ni Don Juan ang balon dahil sa

a) tulong ng Diyos
b) dunong ng Diyos
c) lihim ng dalaga

2. **608** "Sa Diyos na ngang talaga
ang sa iyo'y pagkakita,
kaya, mabunying prinsesa
lunasan mo yaring dusa."

Nagkita si Don Juan at si Leonora dahil ang pagkikita nila'y

a) talaga ng Diyos
b) lunas sa dusa ng prinsipe
c) hiling ni Don Juan

3. **611** "Pagkat marami sa puso
talusira sa pangako,
sa pagsinta'y mapagbiro't
matuwaing sumiphayo.

a) maraming lalaking mapaglaro sa pag-ibig
b) maraming lalaking di marunong tumupad sa pangako
c) maraming lalaking natutuwang magpaluha ng babae
d) lahat ng a, b, at c

F. Anong paniniwala ang isinasaad sa sumusunod na mga saknong? Isulat lamang ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. **634** Mataimtim palibhasa
ang pagtawag kay Bathala,
sindak niya ay nawala't
katapangan ay lumubha.

a) mabisa ang dasal kung taimtim
b) nawawala ang sindak dahil sa dasal
c) tumatapang kapag nagdarasal

2. **636** Lalo niyang nakilalang
ang Diyos ay nasa kanya
nang hapuin ang kabaka
hingi'y mamahinga muna.

a) Lalong nakilala ni Don Juan ang Diyos nang mapagod ang ahas matapos siyang magdasal
b) Lalong naniwala si Don Juan na nasa panig niya ang Diyos nang mapagod ang ahas matapos siyang magdasal
c) Lalong naniwala si Don Juan sa Diyos nang mapagod ang ahas matapos siyang magdasal

3. **694** Nanunton ang kalooban
sa matandang kasabihang
*Madalas na magbulaan*
*ang sa taong panagimpan*.

a) Madalas na kabaligtaran ang panaginip.
b) Madalas managinip ang tao.
c) Madalas na magbulaan ang taong nananaginip.

4. **854** "Paalam na, O, Don Juan,
si Leonora ay paalam,
kung talagang ikaw'y patay
magkita sa ibang buhay."

a) may ibang buhay pa pagkaraang mamatay ang tao
b) ang mga patay ay nagkikita-kita sa ibang buhay
c) nagpapaalam ang mga namamatay

G. Basahin ang mga saknong at sagutin ang mga tanong:

1. **730** Siyam na araw na singkad
buong reyno ay nagalak,
maginoo't mga hamak
sa kasala'y nagkayakap.

a) Ilang araw ang pagdiriwang? Aling taludtod ang nagsasaad nito?
b) Anong salita ang singkahulugan ng ***reyno***?
c) Anong okasyon ang ipinagdiriwang? Aling taludtod ang nagsasaad ng okasyon?

2. **778** Sa payo nitong Adarna
ang Prinsipe'y lumakad na,
nalimutan si Leonora't
puso'y na kay Maria Blanca.

a) Sino ang nagpayo kay Don Juan?
b) Sino ang nalimutan na ni Don Juan?
c) Na kanino na ngayon ang puso ni Don Juan?

3. **848** "Tatlong taon nang mahigit
yaring aking pagtitiis
maatim kaya ng dibdib
na makasal sa di ibig?"

a) Ilang taon nang naghihintay si :Leonora kay Don Juan? Aling taludtod ang nagsasaad nito?
b) Ano ang di maatim ni Leonora? Aling taludtod ang nagsasaad nito?



## Susi sa Pagwawasto

Modyul 12
Mga Bagong Pakikipagsapalaran

***Ano na ang Alam Mo? (Panimulang Pagsusulit)***

A.

| | | |
|---|---|---|
| 1. M | 6. M | 11. T |
| 2. T | 7. T | 12. M |
| 3. T | 8. T | 13. T |
| 4. M | 9. T | 14. T |
| 5. T | 10. M | 15. T |

B.
1. panipi
2. tagpuan
3. usapan
4. unang panahon
5. nagsasalaysay

C.
1. a)
2. a)
3. a)

D.
1. a)
2. a)
3. a)

E.
1. a)
2. a)
3. d)

F.
1. a)
2. b)
3. a
4. a)

G.
1. a. Siyam (9) na araw. T1.
   b. kaharian
   c. Kasalan. T4

2. a. Ibong Adarna
   b. Leonora
   c. Maria Blanca

3. a. 3 taon. T1.
   b. Makasal sa di ibig. T4.